PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON

BAGONG HUKBONG BAYAN

Oktubre 2023

# Labanan ang terorismo ng estado sa mamamayan ng Zambales Mountain Range!

Serye ng Focused Military Operations (FMO) ang inilunsad ng 7th ID sa hilagang bahagi ng Zambales Mountain Range sa buong taon ng 2023. Tuloy-tuloy at papaigting na kampanyang militar ng AFP ang kinakaharap ng mamamayan ng Zambales, Tarlac at Western Pangasinan.

Nagmistulang war zone ang mga baryo. Dinaig pa ang panahon ng Martial Law noong panahon ng Diktadurang Marcos Sr. Hindi bababa sa 30 ang detatsment ng AFP at CAFGU sa hilagang bahagi pa lamang ng kabundukan ng Zambales Mountain Range. Ang mga kampo na ito ay nasa loob ng baryo, katabi ng Brgy Hall at eskwelahan, o nasa mga plaza at mga kabahayan.

Saanman may kampong militar ay laganap ang paglabag sa karapatang tao. Ang militar ang batas! Sila ang otoridad na dapat sundin, maging ng lokal na opisyales ng Baranggay. Sila lamang ang may layang gumala saanmang panig ng baryo. Kontrolado nila ang galaw ng populasyong sibilyan -- pagpunta at pag-uwi sa pagtatrabaho, pagkaing binabaon at maging ang pagkaing iniistak sa bawat bahay. Napakaraming kaso ng pagsasamantala sa kababaihan, paglalasing at pangbubugbog sa mga nakursunadahan nilang sibilyan. Bawal magreklamo. Walang laya ang mga sibilyan.

Nangunguna sa paghahasik ng terror ang tropa ng 69th "Cougar" Infantry Batallion, ang pinakaka-purihang batalyon ng mamamatay tao na si Gen. Jovito Palparan. Kilala ang batalyon na ito sa Paquibato Massacre noong 2022, sa masaker sa Hacienda Luisita noong 2004, sa pagdukot at pagtortyur kay Raymond at Reynaldo Manalo noong 2006 at sa malulupit na operasyong saywar sa 12 bayan at lungsod ng Nueva Ecija at Aurora noong 2018-2019.





Nitong huling linggo ng Setyembre hanggang ikalawang linggo ng Oktubre, hindi bababa sa isang kumpanya ng 69th IB ang umukupa at gumambala sa Brgy Amungan, San Agustin, Salaza, Pangolingan, at sa mga sityo ng Bungon, Bitago, Lupang Pangako, Dampay at Sta Marta. Nakapwesto pa ito hanggang sa kasalukuyan sa Brgy. Sta barbara at Sityo Jesmag ng Brgy. Bihawu. Nagsasagawa sila ng checkpoint at nirerekisa ang lahat ng dumadaan.

Hindi rin tinatantanan ng operasyong kombat at saywar ang naninirahan sa sityo ng Mandaloy at Cotto sa Brgy. Baloganon Masinloc Zambales, mula nang lagyan muli ito ng detatsment noong 2021. Hindi na nakakapaghanting at nakakapangalap ng kabuhayan sa bundok ang mga naninirahan dito.

Idinagdag din sa Zambales Mountain Range ang tropa ng 71st IB "Kaibigan" Infantry Batallion mula sa Ilocos Region. Nangunguna ito sa pagsasagawa ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa Western Tarlac at Western Pangasinan. Sa aktwal, ito ay pagkakampo sa mga baryo at sapilitang pagpapasurender sa mga sibilyan para pagkakitaan sa programang ECLIP. Magkatuwang sila ng 3rd Mechanized IB na nagpalayas sa mga magsasakang naninirahan at nagbubungkal sa Tinabla, isang komunidad na nasa kabundukan sa hangganan ng San jose at Mayantoc,Tarlac. Nakakampo ngayon ang 3rd Mech doon.

Samantala, nakatutok naman ang buong pwersa ng 3rd Mechanized Infantry Batallion sa buong Tarlac, partikular sa pagsupil sa lumalakas na pakikibakang magsasaka sa Capas, Concepcion at kabayanan ng Tarlac. Nasa Tarlac City ang Head Quarters ng Norther Luzon Command (NOLCOM) ng AFP.

Nananatili ang tropa ng Special Operation Wing (SPOW) ng Air Force na nakabase sa Camp Ravina sa Sta Juliana, Capas. Prayoridad nito ang pagpapalayas sa mga magsasaka at Ayta sa inaangkin na military reservation at ekspansyon ng treyning grawnd ng AFP. Samantala, isang batalyon ng Special Action Force (SAF) ng PNP ang nakabase sa Iba, Zambales.



Sa bahaging Timog naman ng Zambales Mountain Range ay naghahari-harian ang 70th "Matapat at Matatag" Infantry Batallion. Mula huling hati ng 2020 hanggang sa kasalukuyan ay umiiral dito ang Batas Militar sa pamayanang Ayta ng Sityo Lumibao at karatig-lugar sa Brgy Buhawen at Brgy. Sta Fe sa San Marcelino, Zambales. Matapos ang walang habas na pambobomba ng AFP at iligal na

pag-aresto sa mga sibilyan, nagpapatuloy ang pagkontrol sa populasyong sibilyan. Ipinagbawal pati ang paggamit ng selpon.

Tuloy -tuloy ang red tagging sa masa sa buong Zambales Mountain Range. Inaakusahan silang mga myembro ng NPA o ng milisyang bayan. Pilit silang pinapasurender bilang "paglilinis" sa kanilang pangalan. Tinatakot na bobombahin o kaya ay palalayasin kapag napatunayang nakikipagtulungan sa NPA. Ang mga pamilya at kaibigan ng mga kasapi ng NPA ay pwersahang dinadala sa kampo at pinagbabantaang kakasuhan o papatayin kapag hindi isinurender ang kaanak na NPA.

Ang pamamayagpag ng pwersang militar sa Zambales Mountain Range ay perwisyo sa kabuhayan ng masa. Binabawal silang magtrabaho. Pinapalayas sa lupang binubungkal. Pinapatay sa gutom. Inaalisan ng dangal na mabuhay ng may pagrespeto sa karapatang tao at kalayaang sibil.

Ilang ulit ng idineklara ng NTF-ELCAC na wala ng NPA sa Zambales Mountain Range at nalusaw na ang larangang gerilya ng Tarlac-Zambales. Isa itong malaking kasinungalingan. Ipinapakita ng laki ng pakat ng AFP at serye ng FMO ang kabalintunaang ito.

Sa Zambales Mountain Range naitatag ang Bagong Hukbong Bayan at nagpanimulang lakas ang armadong pakikibaka ng mamamayan sa buong bansa. Malalim na nakaugat dito ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa haba ng kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayan sa Zambales Mountain Range, hindi kailanman maigugupo ng pandarahas ng estado ang katapangan at kagitingan ng mamamayan dito. Sa katunayan, patuloy na tinatamasa ng Partido at Hukbo ang malawak na suporta ng mamamayan. Patuloy nilang itinataguyod ang demokratikong rebolusyong bayan at ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo nito.

Labanan ang tumitinding terorismo ng estado sa mamamayan ng Zambales Mountain Range! Paigtingin ang armadong pakikibaka! Isulong ang digmang bayan!



Kaya naman, kahit tambakan pa ng tropa, pondo at rekurso ng 7th ID ang mga batalyon sa ilalim nito laban sa rebolusyonaryong kilusan, mananatiling bigo ang hibang na pangarap ng estado na durugin ang rebolusyunaryong kilusan sa Zambales Mountain Range.




# Balikan ang Tinabla!

Wala nang sibilyang populasyon sa Tinabla. Mula sa dating masiglang pamayanan ng mga setler mula sa mga bayan sa kapatagan ng San Jose, Camiling at Mayantoc, at ng mga katutubong Aberling ay mistulang sementeryo na ito ngayon. Inokupahan at ginawang kampo militar ito ng kasundaluhan ng 3rd Mechanized Infantry Batallion. Napalayas ang mga naninirahan, nagbungkal at nagpaunlad sa lugar.

Ang Tinabla ay sinaklaw ng logging concession ng ANZAP noon, dayuhang kumpanyang nakabase sa Australia at New Zealand. Matapos maubos ang mga kahoy, pinatamnan ito ng konsesyonaryo ng mga punong Saling, Mangeum, Mahogany at iba pang kahoy na pang-eksport. Kalaunan, idineklara itong protektadong erya ng DENR kung kaya binawal ang mga masa na pasukin ang lugar. Gayunman, dahil sa matinding kahirapan at kawalan ng lupang matatamnan, unti-unting kinarbon ng masa ang mga kahoy kasunod ng unti-unting pagbubungkal sa ilang bahagi ng lugar. Hinuhuli at pinagmumulta ang mga nahuhuling nagkakarbon. Pero sa mahabang panahon ay nagpatuloy ang pakipag-patintero ng magsasaka sa DENR at Bantay-Gubat.

Sa pagratsada ng proyektong National Greening Program sa ilalim ng rehimeng US-Noynoy Aquino (2010-2016) ay lumala ang problema sa lupa, hindi lamang sa mabundok na lugar kundi maging sa malawak na patag at mga burol ng San Jose at Mayantoc sa Tarlac. Nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas na labanan ang tumitinding kagutuman sa pamamagitan ng pagbubungkal sa mga lupang tiwangwang na produktibong tamnan, kabilang dito ang mga eryang sinaklaw ng NGP na hindi kapaki-pakinabang sa magsasaka ang mga pananim.

**Pook obrahan at tirahan ng mamamayan noon, kampo militar na ngayon!**



Ang dating pailan-ilan na nagkakarbon at nagtatanim sa Tinabla ay unti-unting dumami. Marami sa mga katutubong Aberling na napalayas ang mga ninuno ng kumpanyang ANZAP noon ay binalikan ang kanilang lupang ninuno. Kalakhan sa kanila ay nakaranas ng pagpapalayas sa kanilang tirahan at lupang binubungkal.

Alpasan ang takot! "Lagi na lamang tayong napapalayas sa sarili nating lupa. Panahon na para pumirmi. Magbungkal para may makain! Ipagtanggol ang lupa." Ito ang maiksing sagot ni ka Wakin sa pagdadalawang loob ng ilan na mamirmihan na sa Tinabla.

Pero bakit sa Tinabla? Maliban sa produktibong tamnan ang lupain dito, nasa pagitan ito ng mga baryong may malalim at mahabang rebolusyunaryong pakikibaka. Sa katunayan, inspirasyon ng mga masang pumosisyon dito ang paglaban sa NGP ng mga masa sa mga karatig-baryo sa pamumuno ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), ang rebolusyunaryong samahan ng uring magsasaka.

Lupa sa nagbubungkal! Mula 2015 hanggang 2019 ay napalawak ng masang magsasaka ang kanilang mga uma. Natatamnan nila ito ng palay, saging, gabi, kamote, luya at sari-saring gulay. Simula sa pagdadamayan sa produksyon, nabuo nila ang isang pamayanan na nagkakaisa sa pagtatanggol sa lupa, anuman ang lahi, lugar na pinagmulan, relihiyon at kasarian.




"Build! Build! Build!" Umarangkada ang proyekto ng rehimeng US-Duterte ng pagsusuro sa kabundukan para gawing kalsada, tayuan ng mga imprastruktura para sa negosyo at turismo. Maraming bukid at uma sa San Jose at Mayantoc ang nasagasaan ng ginagawang kalsada, kabilang ang Tinabla na kinategoryang mountain trail ng mga turista papunta sa kilalang hiker's spot na Mt. Sawtooth at Mt. Tapulao sa Zambales.

Taong 2019, nagpaskil ang DENR ng pabatid na dinideklara ang lugar na plantasyon at binabawal ang pagkakaingin sa lugar. May ilang kinasuhan ang DENR pero walang sumisipot sa baryo para makipagharap. Sumunod na mga taon ay serye ng papulong ang ginawa ng DENR na kasama ang kasundaluhan ng 3rd Mechanized Infantry Batallion. Pero hindi natinag ang masa. Tuloy-tuloy nilang pinagyaman ang lugar. Tuloy-tuloy nilang tinamasa ang bunga ng kanilang pinagpaguran sa pagbubungkal.

"Build Better More Projects" ang bersyon naman ni Bong-Bong Marcos na pagpapatuloy lamang ng mga proyektong

mapangwasak sa kabundukan, nanagasa sa kabuhayan at nangangamkam ng lupa ng magsasaka. Binantayan ng 3rd Mech ang ginagawang kalsada. Pinagbawal ang paghahanting, pati pagpakat ng silo para mapanatili diumano ang balanse sa kalikasan. Pinagbawal ang pagkakaingin. Mag-gayd na lang ika ang mga magsasaka sa mga turistang namamasyal.

Inaraw-araw ng 3rd Mech, at kalaunan kasama na ang 71st IB sa paghahalihaw sa Tinabla hanggang sa kulumpon ng mga baryong nakapaligid dito. Isa-isang pinatawag sa kampo ang mga magsasaka. Naghasik ng intriga. Pinaratangan sila ng kung anu-anong kaso. Kinasuhang NPA. Binantaan. Sinet-up at pwersahang pinasurender. Hanggang sa inokupahan na mismo ng 3rd Mech ang mismong Tinabla.

Dahil sa terorismo ng estado, nahinto ang produksyon. Sino pa ang magbubungkal sa lupa kung may nakatutok na armalayt ng army sa ulo? Sa ganon na tuluyang napaalis sa Tinabla ang mga masang magsasaka.

Akto ng terorismo ang pagkampo ng militar sa Tinabla. Pangangamkam ito ng lupa. Pagsupil ito sa paglaban ng masang magsasaka at mga Aberling sa ginagawang kalsada na magdudugtong sa Tarlac-Zambales na magpapabilis sa paghahakot at pagdambong sa likas na yaman ng Zambales Mountain Range. Karagdagang kalsada din ito sa Capas-Botolan Road na magpapaiksi ng byahe papuntang West Philippine Sea. Malaking burgesya kumprador, mga dayuhang negosyante at mga panginoong maylupa ang makikinabang dito.

Ang pagkampo ng militar sa Tinabla ay naglalayong wasakin ang naipundar na lakas ng pagkakaisa ng uring magsasaka. Sa katunayan, nagpapakita ito ng matinding takot ng estado sa kakayahan ng uring magsasaka na magtipon, organisahin ang sarili, maggiit at ipagtanggol ang karapatan sa lupa.

Huwag pasindak sa terorismo ng estado! Ang paninirahan at pagbubungkal ng lupa sa Tinabla ay istoriko at lehitimong karapatan ng masang Aberling at mga magsasakang setler ng Tarlac. Alpasan ang takot! Bawiin ang lupa! Palayasin ang mga militar na nagkakampo sa Tinabla! Itigil ang militarisasyon sa kanayunan!

Uring magsasaka, buklurin ang pagkakaisa! Labanan ang pagpapalayas sa lupang pinaunlad at nilinang! Palakasin ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid at Rebolusyunaryong Organisasyon ng Ayta! Palakasin ang New People's Army bilang armadong hukbo na panlaban sa berdugong militar! Sumapi sa NPA!

